**Pamagat**: Ang Utos ng Dios na Magsisi

**Bible Text**: Acts 17:30 "And the times of this ignorance God winked at; but now commandeth all men every where to repent:"

*Pagsasalin*: Ang mga panahon ng kahangalan ay pinalampas na nga ng Diyos; ngunit ngayo'y ipinag-uutos niya sa lahat ng tao sa lahat ng dako na magsisi,

**Panimula**:

1. Napalinaw na babala ang ibinigay sa atin ng Panginoong Jesus, na kapag walang pagsisisi ang tao, siya ay mapapahamak. (Luke 13:3,5)
2. Ang pagsisisi ay paulit-ulit na thema at mensahe ng Lumang Tipan – sa kapanahunan ng mga propeta: tumalikod (Ezek. 33:11 – turn ye) – ito ang pagsisisi.
3. Ito rin ay thema at mensahe ng Bagong Tipan: Pangunahing mensahe ni John the Baptist (Matt. 3:2), ni Jesus (Matt. 4:17); ni Pedro (Acts 2:38); ni Pablo (Acts 20:17). Mga discipolo ay nangaral (Mark 6:12).
4. Sa mensahe natin ngayon titingnan natin kung ano ang ibig sabihin ng pagsisisi patungo sa kaligtasan (Acts 11:18).

## I. What Repentance is NOT (Kung ano itong "Hindi")

A. Hindi ito takot dulot ng pagkahuli sa paggawa ng mali o kasalanan. Maari ang isang tao ay takot pero igrnorante parin sa kapahamakan ng kanyang kalagayan. Hindi niya alam na siya pala ay isang makasalanang tao na karapat-dapat sa parusa ng Dios o sa impyerno dahil sa kanyang mga kasalanan.

B. Hindi ito penitensya o pagpapasakit sa sarili. Karaniwan ito sa mga relihoyosong tao. Si Jesus ay binugbog, at pinatay bilang sakripisyo para sa akin. Hindi pwedeng dag-dagan o pabutihin ang kanyang completo at wastong handog ng Kanyang banal na dugo.

C. Hindi ito pagbabagum-buhay o pagbabago ng ugali. Paano ang mga kasalanan na nagawa mo sa nakaraan?

## II. What Repentance unto life is (Ano ang Pagsisisi tungo sa Buhay)

A. Isang kahulugan: Ang pagsisisi ay ang pag-baling or pagliko ng isip at puso o diwa patungkol sa sarili, sa kasalanan, at sa Panginoong Jesus na nagdudulot ng kaligtasan at bagong-buhay.

B. Ito ay pagbaling o pagliko ng pagiisip patungkol sa sarili. Ako ay kasing sama ng sinasabi ng Biblila.

C. Ito ay pagbaling o pagliko ng pagiisip patungkol sa kasalanan. Nakikita mo ang kasamaan ng kasalanan.

D. Ito ay pagliko ng pagiisip patungkol kay Cristo. Nakikita mon a siya lamang ang tanging pag-asa ng iyong kaluluwa.

## III. Mga Tanong:

A. Ngayon na alam mo na ang kahulugan ng pagsisisi – mahalaga bai to?

B. Ang pagsisisi ba ay panlabas? O panloob muna? Hindi ito panlabas na gawa, ito ay panloob na katotohanan.

C. Ang pagsisisi ba ay nagdudulot ng pagbabago? Yes! (Matt. 3:18; 2 Cor. 7:9-11)

**Katapusan**:

1. Pumarito kayo ngayon, at tayo'y mangatuwiran sa isa't isa, sabi ng Panginoon: bagaman ang inyong mga kasalanan ay tulad ng matingkad na pula, ang mga ito'y magiging mapuputi na parang niyebe; bagaman ito'y mapulang-mapula, ang mga ito'y magiging parang balahibo ng tupa. – Isa. 1:18.

2. Ang tanong ni Ezekiel - Sabihin mo sa kanila, Buhay ako, sabi ng Panginoong Dios, wala akong kasayahan sa kamatayan ng masama; kundi ang masama ay humiwalay sa kaniyang lakad at mabuhay: manumbalik kayo, manumbalik kayo na mula sa inyong masasamang lakad; sapagka't bakit kayo mangamamatay, Oh sangbahayan ni Israel? – Ezek. 33:11